



Pang-emerhensyang Benepisyong para sa mga may hawak na pansamantalang visa sa panahon ng COVID-19

Ika-1 ng Disyembre 2020

Kung ikaw ay may hawak na pansamantalang visa, na may kahirapang pinansyal, at hindi makauwi dahil sa COVID-19, maaari kaming makatulong. Maaaring makatulong ang Pang-emerhensyang Benepisyong (Emergency Benefit) sa iyong mga batayang gastusin sa pamumuhay, habang inaasikaso mo ang iyong pag-uwi sa sandaling magagawa mo na.

Ang Pang-emerhensyang Benepisyong ay makukuha ng marapat na mga may hawak na pansamantalang visa hanggang sa ika-28 ng Pebrero 2021.

Kung ikaw ay may hawak na inisponsor na visa, o pinili mong manatili sa New Zealand, ikaw ay hindi marapat para sa Pang-emerhensyang Benepisyong.

Sino ang makakukuha nito

Ikaw ay maaaring makakuha ng Pang-emerhensyang Benepisyong kung ikaw:

- ay:
 - nagpaplanong umuwi sa sandaling magagawa mo na, o
 - hindi makauwi dahil sa mga paghihigpit sa paglalakbay dulot ng COVID-19, ngunit uuwi sa sandaling may maaaring nang maglakbay sa eroplano
- may hawak na kasalukuyang pansamantalang visa sa New Zealand na hindi inisponsoran, halimbawa, pambisitang visa, pang-estudyanteng visa, pantrabahong visa, o pansamantalang visa.
- mayroong account sa bangko sa New Zealand
- may numero ng Inland Revenue (IRD) (maaari kang kumuha nito makaraang maaprubahan ang iyong benepisyong)
- may pasaporte
- may kahirapang pinansyal na walang iba pang makukunan ng suporta (maliban sa pondo na pambili ng pauwing tiket sa eroplano).

Kailangan mo ring gumawa ng lahat ng makatwirang mga hakbang upang makahanap ng iba pang mapagkukunan ng suporta, kabilang ang:

- paghahanap ng trabaho
- Pagkuha ng unang makukuhang biyahe sa eroplano upang makauwi
- pagkuha ng suporta mula sa inyong Embahada, High Commission o Konsulado
- mga naipon sa bangko
- suporta mula sa pamilya, mga kaibigan, mga grupong pang-simbahan, o isang institusyon ng edukasyon (sa NZ man o sa ibang bansa).

Ito ay depende rin sa iyong kita at mga ari-arian.

Ang maaari mong makuha

Ang Pang-emerhensyang Benepisyong ay babayaran hanggang ika-28 ng Pebrero 2021, hangga't patuloy ang iyong pagiging kwalipikado. Ang halaga na makukuha mo ay depende sa iyong sitwasyon.

Ang iyong sitwasyon	Ang halagang iyong makukuha
Walang asawa, nasa edad na 16-24 na taon	\$213.10 kada linggo
Walang asawa, nasa edad na 25+ na taon	\$250.74 kada linggo
May partner at mga anak	\$428.06 kada linggo
Nag-iisang magulang	\$375.17 kada linggo

Paano mag-aplay

Dapat mong bisitahin ang sentro ng serbisyo para sa Work and Income (Trabaho at Kita) para sa harapang pakikipagkita sa isang case manager. Hindi ka maaaring mag-aplay sa telepono o sa online. Kakailanganin mong:

- punan ang isang form ng aplikasyon
- magpakita ng iyong mga dokumento at mga detalye ng visa
- makipag-usap sa case manager tungkol sa iyong aplikasyon.

Ikaw (at ang iyong partner, kung mayroon ka) ay kailangang magdala ng mga dokumentong ito:

- Kasalukuyang pasaporte
- Isa pang uri ng pagkakakilanlan, halimbawa:
 - lisensya sa pagmamaneho
 - bill ng telepono o kuryente na nasa iyong pangalan
 - sertipiko ng kasal o kapanganakan
- Katunayan ng iyong kasalukuyang visa
- Bank statement na nagpapakita ng mga detalye ng iyong account sa bangko sa New Zealand
- Numero ng Inland Revenue (kung wala ka pa nito, maaari mo itong ibigay sa amin sa loob ng 10 araw ng pag-aaplay para sa Pang-emerhensyang Benepisyong)
- Pasaporte o sertipiko ng kapanganakan para sa umaasang mga anak, kung mayroon ka, na nasa ilalim ng iyong pangangalaga.

Katunayan ng iyong visa: Ito ay maaaring isang liham ng pag-apruba sa visa ng Immigration NZ na may mga detalye ng iyong kasalukuyang visa. Kung ikaw ay walang mga dokumento ng visa, maaari kang magpakita sa amin ng mga detalye ng iyong visa sa online gamit ang Immigration NZ Visa Verification Service. Upang gawin ito, ikaw ay dapat mayroong online na RealMe account [bago](#) mo bisitahin ang Work and Income. Dapat kang lumikha ng iyong Realme account sa pamamagitan ng website ng Immigration NZ: www.immigration.govt.nz/about-us/our-online-systems/visa-verification-service/about

Katunayan ng iyong mga ari-arian sa New Zealand at sa ibang bansa: Maaaring kailanganin mo ring magpakita ng katunayan ng iyong mga ari-arian. Ipapaalam sa iyo ng iyong case manager ang tungkol dito.

Ang susunod na mangyayari

Kung maaaprubahan ang iyong aplikasyon, babayaran namin ang iyong Pang-emerhensyang Benepisyong nang direkta sa iyong account sa bangko sa New Zealand.

Mga detalye ng kontak para sa karagdagang impormasyon

Pumunta sa website ng Work and Income www.workandincome.govt.nz/temporaryvisa.

Bumisita sa isang sentro ng serbisyo para sa Work and Income sa isang Tanggapan ng Ministri ng Kaunlarang Panlipunan sa inyong pook. Hanapin ang pinakamalapit na tanggapan sa inyo:

www.workandincome.govt.nz/about-work-and-income/contact-us/find-a-service-centre